## ABSTRAK

Ang obdyektibo ng pag-aaral ay ang malaman ang mga pangangailangan ng mga manggagawang Pilipino, sa pamamagitan ng paggamit ng "content analysis" sa mga plakards. Higit sa lahat nilalayon nitong malaman ang mga lehitimong dahilan kung bakit nagwewelga ang mga manggagawa at kung ano ang implikasyon nito sa larangan nito sa paggawa. Ang mga pangangailangan ay ikinategorya sa apat: pang-moral, pang-ekonomiya, pang-sosyal, at pang-ispirituwal, at ang huling kategoryang "iba-pa" ay tumutukoy sa mga salitang hindi maikategorya sa alin man sa apat na pangangailangan. Lumilitaw sa resulta na ang pangangailangan pang-moral ang nangingibabaw na pangangailangan ng mga manggagawa. Pumangalawa naman ang pang-ekonomiyang pangangailangan, na nasundan naman ng pang-sosyal, at ang pang huli naman ay ang pang-ispirituwal.

Sa pag-aaral ng mga plakards, lumilitaw na ang apat na mga kategorya ng pangangailangan ay apat na magkakaibang pangangailangan ngunit malaki ang pagakakaugnay ng mga ito sa isa't-isa. Sa dahilang ang isang pangangailangan ay maaaring sumanga sa isa pang pangangailangan.

Sa analisis lumitaw naman ang paniniwalang hindi lahat ng nasususlat sa plakards ay maikakategorya bilang pangangailangan.

Sa dahilang ang isang pangangailangan ay maaaring sumanga sa isa pang pangangailangan, posibleng ang resultang lumabas sa pag-aaral ay hindi ang tunay na isyu na ipinaglalaban ng mga manggagawa. Sa isang panig ito ay maaaring repleksiyon lamang ng tunay na isyu at ito ay maaaring ugatin sa posibleng pagsanga ng ibang pangangailangan mula sa masaklaw na pangangailangang pang-moral.